

# VISION ZEROØ

MAS LIGTAS NA MGA KALYE PARA SA SEATTLE



## ANO ANG VISION ZERO?

Ang Vision Zero ay isang pandaigdigang kilusan upang wakasan ang mga kamatayan sa trapiko at seryosong mga pinsala sa ating mga kalye sa darating na 2030. Ito'y isang kilusan para sa mas ligtas na mga kalye para sa lahat.

TAGALOG



City of Seattle



SDOT

Seattle Department of Transportation



## **PAANO ITO GAGANA?**

Ang Vision Zero ng Seattle ay gumagamit ng isang komprehensibo, dulog na pinatatakbo ng datos tungong mas matalinong mga disenyo ng kalye, sinamahan ng edukasyong may pinatutungkulan at pagpapatupad – isang dulog na napatunayang epektibo na sa mga lungsod na nakapangako sa katulad na mga tunguhin.

## **BAKIT ITO NAPAKAHALAGA?**

Ang Seattle ay walang pagsalang kinilala bilang isa sa mga pinakaligtas na lungsod sa bansa, ngunit mayroon tayong mahigit 35,000 bangaan sa huling tatlong taon. Bawat taon, halos 20 katao ang namamatay sa ating mga kalye. Ito ay hindi katanggap-tanggap. Bawat pagkawala o seryosong pinsala ay mapangwasak sa pamilya, mga kaibigan, at mas malawak na mga pamayanan. Ngunit ito ay hindi dapat maging ganito.

Sa Seattle, gusto nating ang ating mga kalye ay ligtas para sa lahat – mula sa ating 8-taong gulang na mga bata hanggang sa ating 80-taong gulang na mga lolo't lola. Lahat tayo ay dapat makaramdam nang ligtas at maginhawa, maski naglalakad, nagmamaneho, nagbibisikleta, sumasakay ng transit, o naglilipat ng mga kalakal.

## **ANO ANG KAHULUGAN NITO PARA SA MGA KALYE NG SEATTLE?**

Sa pamamagitan ng Vision Zero, makikita mo:

- Ang mga disenyo ng kalye na humihimok sa mas ligtas na asal at nagbibigay ng unang pansin sa kaligtasan sa halip na sa bilis at takbo
- Mas mabagal na antas ng bilis sa mga kalyeng malapit sa mga kabahayan at mas abalang mga lansangan
- Pagpapatupad na may pinapatungkulan sa mga pasilyong may mataas na antas ng bangaan
- Edukasyon at pampublikong pakikisangkot

## **SINO ANG SANGKOT?**

Lahat tayo.

Sa ating pang-araw-araw na mga biyahe, gumagawa ang bawat isa sa atin ng mga pagpipilian na makaaapekto sa buhay magpakailanman. Maging tapat tayo, malamang na dumaan na tayo sa di-dapat na tawiran, nagpatuloy sa isang senyal na hinto, o hindi tumigil para sa isang tao na tumatawid ng kalye. At marami sa atin ang malamang na humarap sa isang muntikang mga sitwasyon.

Kinakailangan nito na magtrabaho tayo nang sama-sama, gumagawa ng mga matalinong pagpapasya araw-araw, upang maabot ang sero.

Ang mga pagpapasya at asal na iyon ay magkakaroon ng kahulugan at magiging mas mahusay, mas malakas at mas ligtas na lungsod tayo para rito.